| Aralin 7 | الدرس السابع |
| --- | --- |

## Ang Impiyerno at ang Pagdurusa Roon

Nagsabi si Allah (2:24): **pangilagan ninyo ang Apoy na ang panggatong ay ang mga tao at ang mga bato, na inihanda para sa mga tumatangging sumampalataya.** Nagsabi naman ang Sugo (SAS) sa mga Kasamahan niya: ***Ang [init ng] apoy ninyo na pinaririkit ninyo ay isang bahagi sa pitumpung bahagi [ng init] ng apoy ng Impi-yerno.*** Nagsabi sila: "O Sugo ni Allah, kahit nga ito ay talagang sapat na." Nagsabi pa siya: ***At tunay na iyon ay nakahihigit ng animnapu't siyam na bahagi, na ang bawat bahagi ay katulad [ng init] nito.***

Ang Impiyerno ay may pitong antas na ang bawat antas ay higit na matindi ang pasakit na dulot kaysa sa ibang antas. Ang bawat antas sa mga ito ay tatahanan ng mga tao ayon sa kanilang mga ginawa. Ang mga nagkukun-waring sumampalataya ay ilalagay sa pinakamababang antas ng Impiyerno na siyang pinakamatindi ang pasakit. Ang pagdurusa ng mga mapupunta sa Impiyerno na mga tumangging sumampalataya ay tuloy-tuloy at hindi titigil. Sa tuwing naluluto ang balat nila, muli itong panunumbali-kin para sa karagdagang pagdurusa na naman. Nagsabi si Allah (4:56): **Sa tuwing naluluto ang mga balat nila, pinapalitan Namin sila ng mga balat na iba sa una, upang *patuloy* nilang malasap ang pagdurusa.** Nagsabi pa Siya (35:36): **Ang mga tumangging sumampalataya, ukol sa sa kanila ang Apoy ng Impiyerno; walang kikitil[1] sa kanila upang mamatay sila at walang magpapagaan sa kanila ng pagdurusang dulot nito. Ganyan Kami gaganti sa bawat palatanggi sa pagsampalataya.[2]**

Tatanikalaan sila roon at igagapos ang mga leeg nila. Nagsabi si Allah (14:49-50): **Makikita mo ang mga suma-salansang, sa Araw na iyon, na mga magkagapos sa pamamagitan ng mga posas, na ang mga damit nila ay mula sa alkitran at natatakpan ang mga mukha nila ng apoy,**

Ang pagkain ng mga mapupunta sa Impiyerno ay ang Zaqqúm sapagkat nagsabi si Allah (44:43-46): **Tunay na ang puno ng Zaqqúm ay pagkain ng makasalanan. Gaya ng latak ng langis, kukulo ito sa loob ng mga tiyan, gaya ng pagkulo ng mainit na tubig.** Nagsabi naman ang Sugo (SAS): ***Kung may isang patak mula sa Zaqqúm na pumatak sa mundo, talagang nakasira na sana ito sa mga naninirahan sa mundo: sa mga pamu-muhay nila. Kaya papaano na ang sinumang ito ang magiging pagkain niya?*** (Itinala ito ni Imám atTirmidhí.)

Binibigyang-linaw ng isang sanaysay buhat sa Sugo (SAS) na nasasaad sa aklat ng Sahíh Muslim kung gaano kabigat ang pagdurusa sa Impiyerno at gaano katindi ang kaginhawahan sa Paraiso. Ayon sa sanaysay, dadalhin sa Impiyerno ang Káfir na pinakamaginhawa ang buhay sa mundo. Ilulublob siya rito nang sandali at pagkatapos ay sasabihin sa kanya: "May nagdaan na ba sa iyo noon na kaginhawahan?"

"Wala. Walang nagdaan sa akin na kaginhawahan kai-lanman," ang sasabihin niya.

Nakalimutan niya ang lahat ng kaginhawahan at kari-wasaan na nalasap sa lupa dahil sa sandaling paglulublob Impiyerno.

Gayon din ang Mananampalatayang may pinakamise-rableng pamumuhay sa daigdig, dadalhin siya sa Paraiso. Ipapasok siya rito nang sandali at saka sasabihin sa kanya: "May nagdaan na ba sa iyo noon na kamiserablehan?"

"Wala. Walang nagdaan sa akin na kamiserablehan ni kapinsalaan kailanman."

Nakalimutan niya ang lahat ng dinanas niyang kami-serablehan, karukhaan at kalungkutan dahil sa sandaling pagpasok sa Paraiso.

---

[1] O walang maghahatol *ng kamatayan*

[2] O palatanggi sa pagkilala ng utang na loob.